ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 5| May 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# EBOLUSYON NG KABABAIHAN MASASALAMIN SA MGA PILING PELIKULANG PILIPINO: BASEHAN SA PAGPAPAYAMAN NG KURIKULUM SA FILIPINO SA PAMAMAGITAN NG PAGBUO NG MODYUL

**Suzette Dc. Domingo**
*Nueva Ecija University of Science and Technology*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra27641
**DOI No: 10.36713/epra27641**

## ABSTRAK

*Nilayon ng pag-aaral na ito na ilarawan sa pamamagitan ng pagsusuring feminismo ang mga pelikulang nagkamit ng parangal ang bidang babae na maaaring maging basehan sa pagpapayaman ng kurikulum sa Filipino. Sinuri ang apat na pelikulang Pilipino na ipinalabas mula 1980 hanggang 2016. Magdusa Ka, Madrasta, Abakada Ina at Unmarried Wife. Naging sandigan ng kabuuang pananaliksik ang mga simulain at prinsipyo ng teoryang feminismo. Ipinakita ng bawat pelikulang sinuri ang ebolusyon ng mga kakabaihan na nagpalutang sa kanilang karakter at identidad bilang babae. Ang bawat pelikula ay nagbigay imahen sa iba't ibang kaakuhan ng isang babae na masasalamin sa kanilang mga kilos, pananalita at pag-iisip. Iminumungkahi na mga guro, na marapat na iugnay sa kanilang pagtuturo ang mga temang may pagpapahalaga sa kalakasan ng mga kababaihan. Bigyang-pansin ang panoorin sa paaralan sa mga pelikulang naglalarawan ng katangian ng mga kababaihan. Makatutulong ito upang mapataas pang lalo ang antas ng mga kababaihan at mapukaw ang tagagawa ng kurikulum sa paaralan na magbigay tulong at aksyon na ang paggamit ng pelikula bilang dulog o lapit sa pagtuturo ng panitikan upang makatulong sa lalong ikatututo ng mga mag-aaral hindi lamang sa aspetong pang-akademya, gayundin sa paghubog sa kamalayan moral at sosyal.*

***Susing Salita:*** *Ebolusyon, Feminismo, Kultarang Pilipino, Dulog, Modyul, Kurikulum*

## PANIMULA

Ang pelikula ay isang obrang pangsining na kakikitaan ng galing, tradisyon, kultura, kaugalian, saloobin, at pagpapahalaga ng tao o bansang pinagmulan nito. Ito ay salamin ng bayan dahil mayroong responsibilidad sa dimensyong sosyal. Ito ay isang uri ng midya na may malaking epekto sa pag-iisip at pag-uugali ng mga manood.

Sa panahon natin ngayon ay malayo na ang narating ng pelikulang Pilipino. Mas nagging malawak at halo-halo na ang sakop ng nilalaman at paksa ng mga pelikula. Dahil sa mga pagbabagong nagaganap, nagkaroon ng iba't ibang uri ng pelikula. Ang mga pelikulang Pilipino ay may iba't ibang klase at genre. Ang mga kalimitang genre ng mga pelikula ay drama, aksyon, romansa, komedya, katatakutan at marami pang iba.

Malaki ang naging bahagi ng pelikula sa buhay ng mga Pilipino sapagkat sumasalamin sa realidad ng buhay, dahil dito nasasaksihan ang paglalarawan ng mga pangarap, hangarin at paniniwala. Ang bawat sining ay may layuning itaas ang kamalayan at kaalaman ng publiko tungkol sa kahalagahan ng konsepto ng kalidad. Ang mga Pilipino, kung pakaiisipin, ay hindi lamang nais ang pelikula bagkus napapalapit din ito sa kanilang puso. Ang isa sa pangunahing karakter ng pelikula ay ang babae.

Babae ay isang espesyal na salita ayon kay Tesser (2018), ang etimolohiya ng salitang ito ay mula sa Latin na *femella* at Old French na *femelle* na ang ibig sabihin ay *woman*. Espesyal ang babae sapagkat siya ay nagmula sa tadyang ng lalaki ayon sa kasaysayan.

Sa mundong ating ginagalawan sa kasalukuyang panahon, maituturing na dalawang papel ang ginagampanan ng mga kababaihan sa lipunang Pilipino sang-ayon sa ipinamanang katuruan ng Kristiyanismo mula sa mananakop na Kastila: (1) ang birhen na martir at nanay tulad ni Birheng Maria at ; (2) ang maruming puta na si Maria Magdalena. Ang huwarang babae ay inilarawan ng Simbahang Katoliko sa ganitong paraan: birhen bago magpakasal, palaanak habang may-asawa at matiisin hanggang kamatayan (Anonuevo; p. 152-153).

Sa ganito namulat ang lipunang Pilipino sa paraan ng pagbuo ng imahen ng kababaihan. Sa de-kahon na konstruksyon ng patriyarkal na lipunan pilit pinagkakasya ang isang babae upang tumugon sa pamantayan naipalaganap bago pa man siya isilang. Dito rin umiikot ang mabigat na katotohanang ito ang nagiging sanligan ng pagtuklas ng babae ng self-concept at self-image. Sa pagsisikap na umangkop at maiangkop ang sarili sa pwersa ng nakararami at ng kapaligiran, walang-pagod na sinisikap ng isang babaeng matugunan ang mga bagay na sa kaniya'y inaasahan — tungkulin, hanapbuhay, paraan ng pananamit, pag-aaral, pananalita, pag-aayos, pagpapamilya, pagdedesisyon at mismong paraan ng pag-iisip.

Ito rin ang ipinagsisigawang pananaw ni Mabanglo sa kaniyang tulang "Ang Maging Babae" na makahulugang nagpahayag na "kasumpa-sumpa ang maging babae…" Matapang niyang isinatitik ang hinanakit sa pagiging "biktima" ng mundong kinabibilangan. Palagi nang sa mga pagkakataon ay idinidikit sa pagiging babae ang kahinaan, ang pagiging palaasa o

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 5| May 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

dependensya sa kalalakihan. Higit sa lahat, ang pagturing sa isang babae bilang materyal na bagay na pagmamay-ari ng kalalakihan at gamit na pinaiikot ng lipunan. Ibinibilanggo ng kalalakihan ang kababaihan sa papel ng "object" upang mabigyang-bisa ang kanilang "subjectivity". Habang, hinati ang mundo sa mga larangan ng "subjectivity" — sibilisasyon, kultura, pagpapatakbo ng estado, atbp. at ang "objectivity" — kalikasan, biolohiya ayon sa nagpasimula ng Feminismo sa bansang Pransiya noong 1940 na si Simoné de Beáuvoir (Estrada-Caludio, p.147).

Ang babae ay itinuturing bilang isang "sight", isang tanawin, isang objek ng mata, at sa diskursong patriyarkal, ang mata ay patungkol sa mata ng kalalakihan (Datuin, p.16). Dahil dito, ang babae na tinitingnan lamang na "gamit" ay nagkakaroon ng pasaning mapabuti ang sarili hindi para sa kaganapan ng kaniyang layunin subalit upang makatugon sa isteryotipikong tungkulin niya bilang pisikal na bahagi ng kaniyang pamilya at lipunan.

Sa pananaliksik na ito ay binigyan ng pansin ang ebolusyon at karakter ng babae sa pelikulang Pilipino gamit ang Feministang kritisismo. Ang lenteng ito ay pinakahulugan ni Melecio Cervantes Fabros bilang isang mowd ng kritikal na dikurso nagbibigay diin sa itinakda ng kultura na kaibahan ng gender pagdating sa interprestasyon ng mga akdang pampanitikan.

**Balangkas Teoretikal**

Isang lohikal at produktibong pag-aaral ay nabubuo lamang kung may pinagbabatayang pilosopiya, teorya at mga kaugnayan nito, dulot ng paglilinaw, tanong at pagpuna. Kung iisipin ay talagang walang isang bagay na perpekto, lahat ay may kaakibat na limitasyon at kahinaan.

Ayon kay Gonzales (2009) na ang pelikula ay isa sa mga kinikilalang sining kasama ng pagpipinta, eskultura, musika, drama at arkitektura na nagbibigay ng yaman sa ating pamumuhay. Sa kasalukuyan ang pelikula ang may pinakamalawak na impluwensya sa publiko dahil sa kakayahan nitong magpakita ng mga damdamin at sitwasyon na sadyang nauunawaan ng mga manonood. Tinitingala ito ng publiko na parang salamin ng buhay dahil dito nasasaksihan ang paglalarawan ng pangarap, hangarin at paniniwala. Ang bawat sining ay may layuning itaas ang kaalaman ng publiko tungkol sa kahalagahan ng konsepto ng kalidad.

Ang pelikula ay mayaman sa hulma ng kabihasnan na nag-uugnay sa nakalipas, sa kasalukuyan at sa kinabukasan. Ang depinisyon ng panitikan ay sumasaklaw din sa pelikula bilang anyo ng pagpapahayag.

Maaaring naiiba ang pamamaraan at behikulo ng pelikula bilang isang anyo ng pagpapahayag na palarawan, itinuturing din na napapaloob ito sa kategorya ng panitikan sang-ayon sa proseso at pamamaraan na rin ng sining.

Malalim ang relatibong ugnayan ng Edukasyon at Pelikula bilang makapangyarihang larangan sa paghubog ng kaisipan ng mga mamamayan ng isang bansa. Ayon na rin kay Remollino, "Education is one of the most powerful tools for the molding of minds." Maaaring sabihin na may malaking epekto ang mapagpalayang pelikula. Hindi maitatanggi na kapwa nagtataglay ng pananaw sa paghubog ng pambansang kasaysayan ng isang lahi ang pelikula at edukasyon sa katangian ng akademya.

Binigyang-kahulugan ang pelikula ni Lumbera na isang kulturang nagtataglay ng salik na minsa'y makabayan at kung minsan nama'y kolonyal samantala, ang akademya ay itinuturing na isa sa makapangyarihang pwersa na nagtatatak sa pelikulang Pilipino. Kung susuriin ang inihahatag na ugnayan ni Lumbera, mababalangkas ang ideya na ang edukasyon at pelikula ay nagtataglay ng pananaw na kapwa hinubog sa pangkasaysayang danas nito, mula sa panahon ng kolonyalismo hanggang sa kasalukuyang kalakaran ng neoliberalismo at panliligalig ng globalisasyon. Sa ganitong kaayusan mapatutunayan ang obserbasyon ni Rolando Tolentino, integral ang kolonyalisasyon ng Pilipinas sa transpormasyon ng tunguhin ng pelikula [maging ng akademya]. (2010) Sa patuloy na siklong ito ng pakikipagtunggali ng pelikula at akademya sa kolonyal na kamalayan at adhikain ng nyutralisasyon nito, mahigpit na maimumungkahi ang pagsasanib ng dalawang larangan sa pagsusulong ng kolektibong tunguhing pambansa higit sa aspekto ng pagsusulong ng pagsasabansa bilang pangunahing hakbang at ambag sa matalagang proseso ng pagpapalaya sa mga pelikula sa bansa at lipunang Pilipino sa kalakhan.

Sa paniniwalang ito nakasalig ang ideya na gamitin ang pilosopiyang feminismo. Ang teoryang Feminismo na may layuning magpakilala ng mga kalakasan at kakayahang pambabae at iangat ang pagtingin ng lipunan sa mga kababaihan. Madaling matukoy kung ang isang panitikan ay feminismo sapagkat babae o sagisag babae ang pangunahing tauhan at ipinamayagpag ang mabubuti at magagandang katangian ng tauhan.

Naging sandigan ng pag-aaral na ito ang teorya ng pagsusuri. Ang isang paglalarawan ay mawawalan ng saysay kung hindi gagamitan ng teoryang ito. Ito ang magbibigay ng daan tungo sa isang makabuluhang pagkakahulugan sa bawat nilalamang bahagi ng mga pagpapahayag. Ngunit ang isang pagsusuri ay nawawalan ng saysay kung walang pilosopiya na sandigan.

Ang pamamaraang pagsusuri ng mga pelikulang Pilipino ayon sa ebolusyon at karakter ng babae ang nasasaklaw ng manunuri.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pangunahing layunin sa pag-aaral na ito ay masuri ang Ebolusyon ng Kababaihan Masasalamin sa mga Piling Pelikulang Pilipino: Basehan ng Pagbuo ng Modyul sa Pamamagitan ng Integrasyon ng Dulog Feminismo. Pinagsikapan na sinagot sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod:

1. Paano inilarawan ang kababaihan sa pelikulang pinag-aralan batay sa mga sumusunod:
    1.1 Tauhan;
    1.2 Tagpuan;
    1.3 Tema;

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 5| May 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188


1.4 Sinematograpiya;
1.5 Banghay?

2. Ano-ano ang mga pagbabagong nagaganap (ebolusyon) sa estado ng mga kababaihan na nakapaloob sa mga sinuring pelikula batay sa mga sumusunod na katangian o kundisyon:
   2.1 Biyolohikal;
   2.2 Karanasan;
   2.3 Diskors;
   2.4 Walang Kamalayan;
   2.5 Sosyal at ekonomikal na kondisyon?
3. Ano-ano ang mga katangian ng mga pelikula kaugnay sa:
   3.1 Naging papel ng mga pangunahing tauhan sa paghahatid ng mensahe;
   3.2 Bisa sa isip at damdamin ng mga manonood?
4. Paano makabubuo ng modyul sa Filipino sa pamamagitan ng integrasyon ng dulog feminismo?

**Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral**

Saklaw ng pag-aaral na ito ang paglalarawan sa mga kababaihan ayon sa papel na kanilang ginagampanan sa pelikula, at ang mga pagbabagong nagaganap sa kanilang estado bilang mga babae, gayundin ang mensahe hatid ng pelikula at ang kabisaan nito sa isip at damdamin ng mga manonood. Sinuri ang isang (1) pelikula kada dekada na nagkamit ng FAMAS award ang bidang babae bilang pinakamahusay na aktres at mula sa iisang genre. Sinuri ang pelikula na nagtataglay ng ebolusyon at karakter ng babae mula sa taong 1980 hanggang 2019 na may apat na (4) pelikula sa kabuuan. Magdusa Ka (Bb. Dina Bonnevie, 1986), Madrasta (Bb. Sharon Cuneta, 1996), Abakada Ina (Bb. Lorna Tolentno, 2001) at Unmarried Wife (Bb.Angelica Panganiban, 2016).

Paradigma ng Pag-aaral



## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Sa pag-aaral na ito, ang ginamit ng mananaliksik ay ang Pamaraang Palarawan (Descriptive Analysis) at Pangnilalamang pagsusuri (Content Analysis) sa mga piling pelikulang babae ang bida. Sinikap matukoy ang ebolusyon at karakter ng babae sa pelikula sa pamamagitan ng lenteng feminismo. Sa pamamagitan ng mga pamamaraang ito, sinikap ng mananaliksik na ipakita ang paraan ng pagpapahayag sa pamamagitan ng paggamit ng mga sitwasyon kung paano ang ebolusyon at karakter ng babae ay lumutang sa sinuring pelikula.

### Mga Paksa

Sumasaklaw ang pag-aaral na ito sa apat na (4) pelikula na babae ang pangunahing bida. Sinuri kung taglay nito ang ang ebolusyon at karakter ng isang babae na naglalarawan at nagpapakita ng kaibahan ng mga babae noon at sa kasalukuyan gamit ang kritikong feminismo.

Ang mga pelikula ay ang mga sumusunod:

| Dekada | Taon ng Pinalabas | Pamagat | Bidang aktres |
|---|---|---|---|
| 1981-1990 | 1986 | Magdusa Ka | Bb. Dina Bonnevie |
| 1991-2000 | 1996 | Madrasta | Bb. Sharon Cuneta |
| 2001-2010 | 2001 | Abakada Ina | Bb. Lorna Tolentino |
| 2011-2019 | 2016 | Unmarried Wife | Bb.Angelica Panganiban |

Ang pagbabasa ng mga kaugnay na akda at panonood ng mga piling pelikulang nagkamit ng parangal mula sa FAMAS ang bidang babae bilang pinakamagaling na aktres ang naging batayan sa pagpili ng mga pelikula sa pag-aaral na ito.

### Mga Teknik at Instrumento

Ang dalawang pangunahing teknik na ginamit sa pag-aaral na ito ay ang pagsusuri pag-aanalisa sa mga pelikula. Ang mga pelikulang mula sa iisang genre na nagkamit ng parangal sa FAMAS ang bidang babae ang gagamitin sa pag-aaral na ito, mga pelikulang ginamit bilang dulog sa pagtuturo sa pagsusuring pampelikula sa Tersyarya at Gradwado, at ang ilang akda ay kinilala hindi lang sa ating bansa kung hindi maging sa iba't ibang panig ng daigdig, mga akdang sining ng mga Pilipino na hindi matatawaran ang ganda pagdating sa mga istorya at husay ng mga karakter.

### Paraan ng Pagsasagawa

Ang pangunahing hakbang na isinagawa ng mananaliksik ay ang pagbabasa ng mga kaugnay na akda, para sa mas malalim na pag-unawa. Pagkatapos ay isinunod ang panonood ng mga pelikula. Upang tiyak na masagot ang mga inilahad na suliranin. Ang malaking bahagi ng pag-aaral ay nagmula sa hangguang elektroniko. Nangalap din ng karagdagan pang materyales batay sa *available resources* na natagpuan sa mga aklatan ng iba't ibang pamantasan sa Pilipinas.

Ang mananaliksik ay gumamit din ng iba't ibang pamantayan sa isinagawang pananaliksik. Sa aklat ni Villafuerte (2000) ay tinalakay ang teoryang pampanitikan na kinakailangan sa pag-aaral, pag-unawa at pagkilatis sa mga layunin at nilalaman ng pelikula kung kaya't tiyak na masasagot ang mga suliranin sa pag-aaral na ito.

Feminismong pagsusuri ang ginamit ng mananaliksik sa pagsagot ng mga suliranin sa pag-aaral na ito, sapagkat batid ng mananaliksik na kakaiba ang lenteng feminismo.

## LAGOM, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

### Lagom ng mga Natuklasan Paglalarawan sa mga Kababaihan sa Pelikulang Pinag-aralan Tauhan

Ang mga babae ay inilarawan bilang matiisin, mapagmahal, mapagparaya, maunawain at puno ng pangarap sa buhay. Imahen ng isang birheng Maria at Maria Magdalena na nagpakita ng kalakasan at kahinaan bilang isa tao. Ang pelikula ay nagpapakita ng iba't ibang kalagayan at estado sa lipunan ng bawat babae. Ang bawat isa ay nagpakita ng kakayahan, katangian at kahinaan ng isang ganap na babae. Nararapat lamang na maipamulat sa mga manonood na ang babae ay matatag, matapang at kayang makipagsabayan sa lipunang ginagalawan.

### Tagpuan

Ang tagpuan sa pelikula ay nagpakita ng kaangkupan sa bawat daloy ng eksena. Iba't ibang tagpuan ang pinagganapan ng bawat pelikula na naaayon sa bawat tagpo, panahon, eksena at iba pa.

### Tema

Ang tema ng bawat pelikula ang pagpapakita ng iba't ibang kalagayan at estado sa lipunan ng bawat babae. Ang bawat isa ay nagpapakita ng kakayahan, kaakuhan at katangian ng ganap na isang babae. Ang babae bilang ina, bilang asawa, bilang anak, katipan at kaibigan na handang magtiis at magsakripisyo sa kanilang mga mahal sa buhay. Ang pelikulang "Madrasta" at "Abakada Ina" ay kapwa nagpakita ng pagtitiis at pag-unawa sa miyembro ng pamilya samantalang ang "Magdusa Ka" at "Unmarried Wife" ay kapwa nagpakita ng pagpaparaya at pagpapatawad sa taong nakagawa ng mali sa kanila. Ang katatagan sa bawat hamon ng buhay na anumang antas sa lipunang kinabibilangan ang binigyang kulay at kabuluhan ng bawat pelikula na nararapat na maipamulat sa mga manonood na ang babae ay matatag, matapang at kayang makipagsabayan sa lipunang ginagalawan.

### Sinematograpiya

Ang sinematograpiya ay isang elementong nagbigay daan upang higit na maging buhay ay daloy ng bawat eksena sa iba't ibang

tagpuan tulad ng tahanan, paaralan, at opisina ay higit na nabigyan ng diin upang mapalutang ang bawat tagpo.

**Banghay**

Ang linear/tradisyunal at episodikong uri ng banghay ang lumutang sa mga sinuring pelikula. Ang linear o tradisyunal na uri ng banghay ay nagpapakita ng pag-usad ng kwento mula sa simula hanggang wakas batay sa natural na reaksyon sa mga aksyon na makikita sa pelikulang Magdusa Ka, Abakada Ina at Madrasta samantalang episodikong banghay ay hinati-hati ang mga pangyayari sa daloy ng pagsasalaysay na kung saan sa pelikulang ito ay gumamit ng panumbalik o flashback sa mga piling pagkakataon na higit nan nagbigay ng ganda sa daloy ng kwento sa pelikulang Unmarried Wife.

**Pagbabagong Nagaganap (Ebolusyon) sa Estado ng mga Kababaihan**

Ang lahat ng bagay sa mundo ay nagbabago, ang babae na naging instrumento upang higit na maipakita sa mga manood ang kakayahang angkin ng mga kababaihan na iakma ang sarili sa pagbabago. Sa biyolohikal, karanasan, diskors, walang kamalayan at sosyal at ekonomikal na kondisyon. Ang babae ay patuloy na inaakma ang sarili sa tamang desisyon, tamang kilos sa tamang panahon at tamang pagkakataon.

**Kabisaan sa Isip at Damdamin**

Ang mga papel ng kababaihan sa paghatid ng mensahe at pagbibigay ng kabisaan ng bawat pelikula sa kaisipan at damdamin ng mga manonood ay ang hindi pagsuko sa hamon ng buhay, kakayahang maitama ang pagkakamali, punong pangarap at tunay na pagmamahal ay mga katangiang taglay ng mga babae na higit na nagpalutang sa kani-kanilang karakter bilang babae. Bukod pa dito ang pagpapakita ng babae na kabusilakan ng puso na walang pag-iimbot, ang paghahangad nga rangya sa buhay, ang paghahangad ng respeto at pagtanngap, ang paghangad ng kabutihan ng anak ay nag-iwan ng kabisaan sa isip samantalang hindi dapat umasa sakapwa, pagmamahal ng wagas, pagsasakripisyo at bukas na komunikasyon ay nag-iwan ng kabisaan sa damdamin.

**Kongklusyon**

1. Ang apat na pelikulang Pilipinong sinuri na pinangungunahan ng mga kababaihan ay iba-iba ang kapalarang kinasadlakan at pinalutang ng may-akda ang natatanging husay nila bilang mga babae at ina.
2. Ang mga babae ay patuloy na inaakma ang sarili sa tamang desisyon, tamang kilos sa tamang panahon at tamang pagkakataon sa kanilang mga biyolohikal, karanasan, diskors, walang kamalayan at sosyal at ekonomikal na kondisyon.
3. Nag-iwan sa isip at damdamin ng mga manonood ang mga mabubuting aral at mensaheng ipinakita ng mga pangunahing tauhang babae sa apat na pelikula na higit na nagpalutang sa kani-kanilang karakter bilang mga babae.
4. Makatutulong ang binuong modyul sa pagtuturo ng guro sa Filipino gamit ang dulog feminismo.

**Rekomendasyon**

1. **Para sa mga Mag-aaral**. Isaisip at isabuhay ang magagandang aral na natuklasan upang magsilbing matibay na batayan sa ikauunlad ng sarili upang maging mabuting bahagi ng isang pamayanan. Maimulat ang mga mag-aaral sa pantay na pagsipat sa babae at lalaki sa realidad ng buhay.
2. **Para sa Sa mga Guro**. Marapat na iugnay sa kanilang pagtuturo ang mga temang may pagpapahalaga sa kalakasan ng mga kababaihan. Bigyang-pansin ang panoorin sa paaralan sa mga pelikulang naglalarawan ng katangian ng mga kababaihan. Makatutulong ito upang mapataas ang antas ng mga kababaihan.
3. **Para sa mga Manonood**. Pahalagahan ang mga pelikulang pinanonood at maging mapanuri upang masalamin at malaman ang mga aral at mensahe na nagbibigay kalakasan sa mga kababaihan.
4. **Para sa mga Gumagawa ng Kurikulum sa Paaralan**. Magbigay ng tulong at aksyon sa paggamit ng pelikula bilang dulog o lapit sa pagtuturo ng panitikan upang makatulong sa lalong ikatututo ng mga mag-aaral di lamang sa aspetong pang-akademya, gayundin sa paghubog sa kamalayan moral at sosyal.

## TALASANGGUNIAN

**A. Mga Aklat**

1. *Arrogante, J.A. (2004) Panitikang Filipino, Antolohiya Binagong Edisyon. Mandaluyong: National Book Store Inc.*
2. *Mirasol, M.P.(2004) Bagong Filipino sa Hayskul: Pagbasa at PAgsusuring Pampanitikan. Quezon City: Saint Bernadette Publishing*
3. *Inc.*
4. *Nuncio, R. V. (2008) Ang Utopia Natin. De La Salle University.*
5. *Nuncio R.V. (2006) Ang Sanghiyang sa Mundo ng Internet: Tungo sa Pagteteorya sa Diskurso at Penomenon ng Internet sa Kontekstong*
6. *Filipino. Disertasyon. Asian Center Unibersidad ng Pilipinas.*
7. *Santiago, E. M. (2005) Panitikang Filiino: Kasaysayan at Pag-unlad Pangkolehiyo. Mandaluyong City: National Bookstore Inc.*
8. *Siolongo, E.B. (2007) Literatures of the World Lungsod ng Maynila: Rex Book Store.*
9. *Villafuerte, P. V. (2000) Panunuring Pampanitikan (Teorya at Pagsasanay), Lungsod ng Valenzuela: Mutya Publishing House.*
10. *Villafuerte,P.V.(2000) Panitikang Panrehiyon sa Pilipinas. Lungsod ng Valenzuela: Mutya Publishing House.*

**B. Mga Di-Nalathalang Tesis/Disertasyon**

1. *Averion, G. A. (2010) Karanasan ng Isang Batang Ina: Isang pananaliksik.*
2. *Bulquerin, M. M. (2004) Pagsusuri sa mga Kahalagahang Pantao Tuon sa Pamilya batay sa Limang Piling Pelikulang Pilipino. Pamantasang Manuel L. Quezon, Manila.*
3. *Calvo, G. R. (2000) Ang Pambansang Kalayaan sa Sampung Pelikula ng Taon 1999. Isang Pagsusuri.*
4. *Dagot, L.B.(2018) "Pairalin: Karapatan ng kababaihan, bilang ina"*

5. *Gabriel, N. K. (2008) Ang Araling Kababaihan at Kasarian sa Araling Pilipino at Wikang Filipino.*
6. *Gonzales, R.(2009) Isang Pananaliksik Tungkol sa Pagtangkilik ng mga Pilipino sa Pelikulang Banyaga.*
7. *Jose, D.L. (2005) Imahen ng Kababaihan sa mga Piling Epikong Filipino.*
8. *Lirio, F. L. Jr. (2000) Ang Realismo ng Iba't ibang Salik ng Kulturang Pilipino Mula sa Sampung Piling Pelikulang Lokal ng Taon 1999.*
9. *Mangahis, J. C. (1999) Ang Pelikula sa Pagtaas ng Antas ng Kababaihan sa Lipunan: Isang Pagsusuri. Di-Nalathalang disertasyon, Pamantasang Mnauel L. Quezon, Maynila.*
10. *Rosaldo, L. R. (1998) Isang Pagsusuri sa Nobelang "Ang Babaeng Misteryosa" ni Benjamin P. Pascual, di-nailathalang tesis. Pamantasan ng Araullo, Lungsod ng Cabanatuan.*

**C. Mga Dyornal, Magazine at Pahayagan**

1. *Cruz, P. M, (2011) Ang Karanasan ng Nakaraan sa Gunitang Viswal: Pagsusuri sa mga Pelikulang Romantiko sa Baguio Plaridel. Vol. 8 No. 2.*
2. *Cruz, P. M. (2008) Imagine without the movies in their mind. Inquirer. Retrieved February 27, 2009.*
3. *David-Maramba, A. (1994) Philippine Contemporary Literature in English and Filipino.Booksmark Inc. Makati City, 1994.*
4. *Magcamit, R. (2013) A filed under Integratibong Magasin sa Filipino Ortograpiyang Filipino, Panitikan.*
5. *Pagusara, D. (1989) Philippine literature: Rediscovering our regional heritage.*
6. *Tan, M. (2008) Why Filipinos Ging to the Movies, Sunday Inquirer Magazine, Retrieved on February 24, 2009. net/sim/sim/view/20080601-140076/Why-Filipinos-Love-Going-to-the-Movies.*

**D. Hangguang Elektroniko**

1. *Barcelona, Noel.2002. Namamatay na nga ba ng pelikulang Pilipino. http://directtothepoint.motime.com/*
2. *http://academic.csuohio.edu/kneuendorf/frames/.../ Koolstra.etl. 2002.pdf.*
3. *http://rolandotolentino.blogspot.com.com/2006/05/media-at-kulturang-popular.html.*
4. *http://www.slideshare.net/vohndaniel/pagsusulat-ng-iskrip-sa-pelikula*
5. *http://www.scribd.com/doc/60548919/MGA-TEORYANG PAMPANITIKAN.*
6. *http://www.geocities.com/elvineelvineelvin/pelikula.html*
7. *ldlagra19, (2016). Feminismo sa loob ng isang Pelikula*
8. *https://www.google.com/amp/s/feminism647.wordpress.com/ 2016/09/26/feminismo-sa-loob-ng-isang-pelikula/amp/*
9. *Calalin, Shella Mae (2017). Ano ang papel ng mga kababaihan at kalalakihan sa panahon ng espanyol? https://brainly.ph/question/1029110*
10. *CBC Cinema Blogspot, (2016). The Unmarried Wife. https://m.inquirer.net/bandera?id=https://cbccinema.blogspot .com/2016/11/the-unmarried-wife.html?m=1*
11. *IFSW, (2012). BABAE. https://www.ifsw.org/tl/women/*
12. *IMDb.com Inc. (1990-2019). Madrasta (1996).https://m.imdb.com/title/tt0219155/*
13. *Macabuhay III, Romeo. (2018). Isang Munting Pagkilala sa Kababaihan http://blog.lexcode.com.ph/isang-munting-pagkilala-sa-kababaihan/*
14. *Malasan, Jovis. (2011). Indie-Films na Kinabibidahan ng Kababaihan (Pananaliksik). https://www.scribd.com/doc/48639648/Indie-Films-na-Kinabibidahan-ng-Kababaihan-Pananaliksik*
15. *Tanya, Meliza (2014). Ang Babaeng Pilipina Noon at Ngayon.*
16. *https://prezi.com/m/86aeoe81hcpd/ang-babaeng-pilipinanoon-at-ngayon/*
17. *Villaluna (2016). PART 3 Pananaw at Kaalaman ng Mag aaral sa Kahalagahan ng Hustisya at Karapatan ng Kababaihan.*
18. *https://www.academia.edu/20179502/PART_3_Pananaw_at _Kaalaman_ng_Mag_aaral_sa_Kahalagahan_ng_Hustisya_a t_Karapatan_ng_Kababaihan*
19. *https://www.kapitbisig.com*
20. *https://www.academia.edu*
21. *https://babe-ang.blogspot.com*
22. *https://mariellebernice.wordpress.com*
23. *https://www.tvguide.com*
24. *https://entertainment.abs-cbn.com*
25. *Ipulaguna.edu.ph*
26. *Nanueltonidobanquito.blogspot.com*
27. *2016/09/22/feminismo-sa-pelikulang-mulan/amp/*